Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA–45 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-20 NG HUNYO 2023 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. GLENN HAZE M. CABUHAT, SB MEMBER/ Pansamantalang Nangungulong Pinuno

KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan;
Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President; at
Kgg. Hyra Jane A. Valdopeñas, SKF President;

HINDI DUMALO: Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
*(Sick Leave)*

**KAPASIYAHAN BLG. 230- 2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-WALUMPU'T ISANG (81) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG LAYUG, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN NA NAITATAG SA MGA BARYO NG BAYAN NG CAVINTI AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG IKAANIM NA GRAND ALUMNI HOMECOMING.**

**May Akda : SB ROMEL J. VILLANUEVA**
*Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at Mga Usaping Legal*

**SAPAGKAT,** sa kabila ng nakaambang panganib bunga ng pagsiklab ng ikalawang digmaang pandaigdig at pagpasok ng mga mananakop na mga hukbong hapones, ay hindi natinag ang mga ninuno ng Baryo ng Layug na magtatag ng isang Paaralang Elementarya na siyang magsisilbing daan para makamtan ang karunungan at halaga ng Edukasyon;

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng gobyernong Hapones at sa atas ng Military Order No. 02 ay nalikha ang Commission on Education, Health, and Public Welfare na nagpanibukas sa mga paaralan;

**SAPAGKAT**, iniatas na itatag ang Mababang Paaralan ng Layug noong ika-01 ng Enero 1942;

**SAPAGKAT,** ang Layug Elementary School ay kinakitaan ng maraming mga mag-aaral na nagbigay karangalan din sa Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT,** masasabi na rin na ang Mababang Paaralan ng Layug ang isa sa unang naging pandayan ng mga ninuno ng kasalukuyang henerasyon na nagbigay daan sa tuluyang pag-unlad ng Bayan ng Cavinti;

ARANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member/ Acting Presiding Officer

NANETTE V. JUAREZ
Bookbinder III



Grazares 6/22/23 OM

**SAPAGKAT,** sa ika-24 ng Hunyo taong 2023 ay magdadaos ng selebrasyon ng ika-Walumpu't Isang (81) Taong pagkakatatag ng Paaralang Elementarya Layug na dadaluhan ng mga naging mag-aaral at guro nito, mainam na pagkakataon upang gunitain ang mga masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang masusi talakayan sa mungkahi ni SB. ROMEL J. VILLANUEVA, na pinangalawahan at buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang pagpapasiya na **MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN AT PAGKILALA SA IKA-WALUMPU'T ISANG (81) TAONG PAGKAKATATAG NG PAARALANG ELEMENTARYA NG LAYUG, ISA SA KAUNA-UNAHANG PAARALAN NA NAITATAG SA MGA BARYO NG BAYAN NG CAVINTI AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA SELEBRASYON NG KANILANG IKAANIM NA *GRAND ALUMNI HOMECOMING.***

**IPINASIYA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pambayang Tagapamasid Pampurok Gng. Soledad S. Villanueva, ang Tanggapan ng Kasalukuyang Punong Guro ng mababang Paaralan Layug, G. Evangelito I. Principe, Punong Guro, at ang Pinuno ng Samahan ng *Alumn*i at mga miyembro.

**IPINASIYA PA RIN,** na mabigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan sa pamamagitan ng isang kuwadro na may Pangalan at lagda ng Kasalukuyang Punumbayan KGG. ARRANTLEE R. ARROYO at ng May-Akda KGG. ROMEL J. VILLANUEVA at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahan sa ARAW NG ALUMNI HOME COMING sa ika-24 ng HUNYO 2023 ng nasabing Paaralan.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika-45 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika-20 ng Hunyo, 2023

**NANETTE V. JUAREZ**
Acting SB Secretary

SINANG-AYUNAN:

**GLENN HAZE M. CABUHAT**
SB MEMBER/Nangulong Pinuno

PINAGTIBAY:

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan